Australian Government
Department of Home Affairs

# Mga mamamayan ng Australia, permanenteng residente o mga mamamayan ng New Zealand na karaniwang residente sa Australia

Maaari kang bumiyahe papuntang Australia kung isa kang mamamayan ng Australia, permanenteng residente o mamamayan ng New Zealand na karaniwang residente sa Australia.

May ipinatutupad ang Australia na mahihigpit na hakbang sa mga border para protektahan ang kalusugan ng komunidad sa Australia. Available sa kasalukuyan ang napakalimitadong bilang ng mga flight papunta at palabas ng Australia at maaaring hindi ka makapagbiyahe sa panahong ito. Tingnan ang Smartraveller. Maaaring magbago ang mga paghihigpit sa pagbibiyahe. Regular na tingnan muli. Tingnan ang: Pahayag sa media ng Pambansang Gabinete.

Maliban na lang kung darating mula sa isang flight na hindi na kinakailangan ng quarantine galing sa New Zealand, lahat ng biyaherong paparating sa Australia, pati na ang mga mamamayang Australyano, ay kailangang mag-quarantine sa loob ng 14 na araw sa itinalagang pasilidad, tulad ng hotel sa lungsod kung saan sila dumating. Tingnan ang payo para sa mga biyahero kaugnay ng Coronavirus (COVID-19).

Maaaring kailangan mong bayaran ang mga gastusin sa iyong pag-quarantine. Para alamin pa ang tungkol sa mga kinakailangan sa pag-quarantine, makipag-ugnayan sa kaugnay na departamento ng kalusugan ng gobyerno ng estado o teritoryo.

## Mamamayan ng Australia

Ang mga mamamayan ng Australia ay maaaring pumasok sa Australia at, sa mga pambihirang sitwasyon, maaaring makapasok nang walang may bisang pasaporte ng Australia. Dapat na alam mo ang anumang paghihigpit sa bansa na iyong panggagalingan bago ka bumiyahe. Tingnan ang Smartraveller

Kung wala kang may bisang pasaporte, at kailangang-kailangan na bumiyahe bago maisyu ang isang pasaporte, payuhan ang mga kawani ng airline na isa kang mamamayan ng Australia at hindi nangangailangan ng visa para makapasok sa Australia.

Makikipag-ugnayan ang airline sa Australian Border Force para patunayan ang iyong pagkamamamayan. Dapat kang magdala ng iba pang dokumento ng pagkakakilanlan.

## Permanenteng residente ng Australia

Puwedeng pumasok sa Australia ang mga permanenteng residente at mga may-ari ng Provisional family visa. Tingnan ang payo tungkol sa mga exempt na kategorya at mga paghihigpit sa pagbiyahe.

Karaniwang magkakaroon ng 5 taong kakayahang magbiyahe ang mga permanenteng visa. Kung nasa labas ka ng Australia kapag ang nag-expire ang kakayahan ng permanenteng visa na magbiyahe, hindi ka na makakabalik sa Australia.

Para malaman kung paano ka makakapasok ulit sa Australia bilang Permanenteng residente, tingnan ang Permanenteng residente.

## Petsa ng pagdating sa unang pagpasok (unang petsa ng pagdating)

Nailalapat lang ang impormasyong ito sa sumusunod na mga may-ari ng permanent at provisional family visa:

- Partner (mga subclass 309 o 100)
- Mga parent visa (Mga subclass 143 o 103)
- Mga child visa (Mga subclass 101 o 102 o 445)
- Iba pang Family visa (Mga subclass 114, 115, 116, o 117)

Kung hindi ka makapagbiyahe sa Australia bago ang petsa ng pagdating sa unang pagpasok ng iyong visa, baka puwede ka pa ring makapasok sa Australia sa ibang petsa. Kakailanganing may bisa ang visa mo at kailangan mong patuloy na matugunan ang lahat ng iba pang kinakailangan at kundisyon ng visa.

Kung plano mong magbiyahe, kdapat kang magsumite ng form ng kahilingan para sa pangangasiwa sa pagbiyahe.

Maaari ka naming padalhan ng liham ng pangangasiwa sa pagbiyahe na nagsasabing pinapayagan kang pumasok sa Australia pagkatapos ng petsa ng iyong pagdating sa unang pagpasok sa bansa sa iyong visa. Kung binigyan ka namin ng liham ng pangangasiwa sa pagbiyahe, dalhin ito sa iyong departure port. Kailangan mo itong ipakita sa pag-check in sa airline at sa pagdating sa Australia.

Ang mga liham ng pangangasiwa sa pagbiyahe ay hindi ibibigay maliban kung mayroon ka na ng isa sa mga family visa asa itaas at may hindi lalampas sa 3 buwang natitira sa petsa ng pagdating sa unang pagpasok sa bansa.

**Tandaan:** ang petsa ng pagdating sa unang pagpasok sa bansa (unang petsa ng pagdating) ay iba sa 'Hindi Dapat Dumating Pagkatapos ng Petsa' (Huling Petsa ng Pagdating).

Kung humihiling ka ng liham ng pangangasiwa sa pagbiyahe, dapat mong siguruhin na:

- Mayroon kang may bisang Permanent o provisional family visa
- ang petsa ng pagdating sa unang pagpasok (unang petsa ng pagdating) na tinukoy sa iyong liham ng paggagawad ng visa ay nakalipas na o lilipas bago ka makapagbiyahe papuntang Australia
- plano mong magbiyahe papuntang Australia sa loob ng susunod na 12 buwan.

Kung mayroon kang Prospective Marriage (Subclass 300) visa, tingnan ang Mga Refund at Waiver ng mga singilin sa aplikasyon ng visa para sa karagdagang impormasyon.

## Mga mamamayan ng New Zealand na karaniwang residente ng Australia

Maaaring pumunta sa Australia ang mga mamamayan ng New Zealand na karaniwang naninirahan sa Australia (na may subclass 444 na visa o iba pang permanente o pansamantalang visa).

Kung hindi ka pa nakakarating sa New Zealand sa loob ng 14 na araw o higit pa bago ang pagdating sa pamamagitan ng eroplano papuntang Australia, kailangan mong magpakita ng ebidensya ng dokumentasyon ng paninirahan sa oras ng pag-check in. Maaaring kabilang sa tinatanggap na ebidensya ng dokumento ng paninirahan, ngunit hindi limitado sa:

- Dokumentasyon na inisyu ng gobyerno (halimbawa, lisensya sa pagmamaneho na inisyu ng Australia, card ng Medicare, pagpaparehistro bilang isang residente ng Australia sa Australian Tax Office) na sinusuportahan ng isa pang uri ng dokumentasyon na nagkukumpirma na:
    - mayroon kang kasalukuyang trabaho o naaprubahang pag-aaral sa Australia (o suportang pampinansyal na napatunayan sa pamamagitan ng pahayag ng isang lokal na bangko) o
    - nagmamay-ari ka o umuupa ng ari-arian sa Australia (hal. mga bayarin sa utility, mga abiso sa rate, kasunduan sa pag-upa)

Maaari mong ipakita ang katibayan na ito sa pag-check in ka sa airport. Ibeberipika ang iyong paninitahan sa iyong kasaysayan ng pagbibiyahe bago ka payagan na sumakay sa iyong flight. Kung mayroon kang anumang pag-aalinlangan tungkol sa kung napapaloob ang iyong sitwasyon sa kahulugan ng karaniwang residente, inirerekomenda namin sa iyo na magsumite ng kahilingan para sa pagsusuri nang hindi bababa sa dalawang linggo bago ang iyong nakaplanong pag-alis.

**Isumite ang iyong kahilingan**

## Mayroon akong Refugee and Humanitarian (Class XB) visa

Kasalukuyang pinipigilan ng mga paghihigpit sa pagbibiyahe kaugnay ng COVID-19 ang mga tao na pumasok sa Australia maliban kung isa silang mamamayan ng Australia o permanenteng residente.

Kung mayroong kang Refugee and Humanitarian (Class XB) visa, hindi ka itinuturing na permanenteng residente, maliban kung nakapasok ka na sa Australia.

Ang mga may-ari ng Refugee and Humanitarian (Class XB) visa na hindi pa nakabiyahe papuntang Australia ay hindi makakapasok sa Australia sa ngayon, maliban kung nag-apply at nabigyan sila ng pahintulot. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Mga paghihigpit sa pagbibiyahe.

## Mag-apply ng pahintulot online

Gumawa lang ng isang kahilingan kada tao. Magdudulot ng pagkaantala sa pagsusuri ng mga dobleng kahilingan. Kung hindi ka binigyan ng pahintulot, hindi ka dapat magpatuloy sa mga planong pagbiyahe, dahil hindi ka pahihintulutang sumakay ng eroplano patungong Australia. Kung binigyan ka ng pahintulot sa pagbibiyahe, kakailanganin mong dalhin ang katunayan ng desisyon sa pahintulot na iyon sa paliparan.

Mag-apply ng pahintulot sa pagbibiyahe